

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Patatakbuhan ng Brampton Transit ang mga bus sa dinagdagang kapasidad, simula Hulyo 2

Ang mga hindi medikal na mask ay magiging mandatoryo, ibabalik na ang pagbabayad sa pamasaha at ang pagsakay sa harap na pintuan

BRAMPTON, ON (Hunyo 29, 2020) – May patnubay mula sa Peel Public Health at bilang bahagi ng plano sa muling pagbubukas at pagbangon ng Lungsod ng Brampton, simula Huwebes, Hulyo 2, ang Brampton Transit ay muling tatakbo sa dinagdagang kapasidad ng bus.

Pinaalalahanan ng Lungsod ang mga rider na kasunod ng mahigpit na rekomendasyon ng Peel Public Health at ng Pamahalaan ng Ontario na magsuot ng mga mask sa pampublikong sasakyan, magiging mandatoryo sa mga rider at operator ng Brampton Transit na magsuot ng mga hindi medikal na mask sa mga bus at mga terminal mula Hulyo 2. Ibabalik na ang pagbabayad ng pamasaha at ang pagsakay sa harap na pintuan.

Dinagdagang kapasidad sa mga bus

Patatakbuhan ng Brampton Transit ang mga bus nito sa dinagdagang kapasidad simula Hulyo 2 habang ang mga rider ay inuutusang magsuot ng mga hindi medikal na mask simula sa araw na iyon. Ang pinapayagang pinakamalaking bilang ng mga pasahero sa bawat bus ay ang sumusunod:

- 40-foot na bus: 35 tao
- 60-foot na bus: 55 tao

Ang dinagdagang kapasidad na ito ay katumbas ng kumpletong nakaupong mga karga. Maaaring umupo o nakatayo ang mga pasahero.

Mahalaga na ang mga rider ay nakasuot ng mga mask sa lahat ng panahon habang nakasakay sa pampublikong transportasyon dahil magpapahintulot ito sa Brampton Transit na magpatakbo nitong dinagdagang kapasidad. Ang hindi pagsunod sa pagsusuot ng mask ay maaaring magbunga na ang Brampton Transit ay bumalik sa naunang binabaang kapasidad. Patuloy na tatakbo ang mga bus sa kalahating nakaupong kapasidad hanggang Hulyo 2.

Mga eksepsyon para sa mga maliliit na bata at mga populasyon na nasa panganib

Kahit na mandatoryo ang mga mask, may mga eksepsyon. Ang mga batang wala pang dalawang taong gulang, o ang mga hindi magawang magsuot ng mask sa mga medikal na kadahilanan ay magiging exempted ngunit papanatilihin ng pisikal na layo na dalawang metro mula sa ibang mga pasahero.

Nakatuon ang Brampton Transit sa pagpapanatili sa komunidad na malusog at ligtas. Ang mga rider sa mga transit ay hinihikayat na gamitin ang kanilang mabuting pagpapasya, sumunod sa mga pangkaligtasang pamamaraan, at magsuot ng mask kung magagawa nila.

Ang mga mask lamang ay hindi pipigil sa pagkalat ng COVID-19 ngunit maaaring makatulong sa pagprotekta sa mga nakapaligid sa iyo. Kapag nagsusuot ng mga mask, mahalaga pa rin na palaging isagawa ang mabuting kalinisan ng kamay at panatilihin ang paglayo mula sa iba kapag posible. Kung magkakasakit ka, magpasuri sa isang sentro o mobile site na pwedeng sumuri kung may COVID-19 at manatili sa bahay, iwasan ang transit.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga hindi medikal na mask, kabilang ang kung paano wastong isuot, ikasya, tanggalin, at linisan ang iyong hindi medikal na mask, bisitahin ang [website](#) ng Peel Public Health at ang [website](#) ng Pamahalaan ng Ontario

Pagbabayad sa pamasaha

Kakailanganin ang pagbabayad ng pamasaha sa lahat ng mga bus ng Brampton Transit simula Hulyo 2. Hinihikayat ang mga rider na gamitin ang kanilang PRESTO card para bayaran ang kanilang pamasaha bilang isang uri ng walang kontak na pagbabayad. Ang mga rider na gumagamit pa rin ng cash para bayaran ang kanilang mga biyahe ay hinihikayat na kumuha ng isang PRESTO card mula sa isang Customer Service counter. Para sa limitadong panahon lamang, ang bayad na \$6 para sa PRESTO card ay tinanggal – isang card para sa bawat customer.

Ang pagbibigay ng naa-access na transportasyon para sa mga senior ay nananatiling nangungunang prayoridad para sa Lungsod, at sa epekto ng COVID-19, ang lahat ng mga petsa ng pag-expire ng lahat ng aktibong senior ID card ay tinanggal sa loob ng hindi tiyak na panahon.

Ang mga Customer Counter sa mga transit terminal, maliban sa Trinity Common Terminal building, ay bukas.

Ang mga pinanukalang mga pagbabago sa pamasaha sa 2020 ay ipinagpaliban hanggang sa karagdagang abiso.

Pagsakay sa harap na pintuan

Papahintulutan ng Brampton Transit ang lahat ng pasahero na sumakay sa mga bus sa pamamagitan ng mga pintuan sa harap simula Hulyo 2. Lalabas ang mga rider sa pamamagitan ng mga pintuan sa likod.

Ang mga pasaherong may mga pangangailangan sa pag-access ay maaaring patuloy na lumabas sa pamamagitan ng mga pintuan sa harap.

Mga pangkaligtasang pamamaraan sa COVID-19

Nananatiling ginagawa ang pinaigting na iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na mga surface, mga compartment at mga upuan ng operator kada 48 oras. Ang karamihan sa mga bus ay kasalukuyang sina-sanitize kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga surface ay pinupunasan at sina-sanitize kada 24 oras.

Hinihikayat ng Lungsod ang mga rider na panatilihin ang paglayo mula sa iba sa mga terminal, at sa mga bus stop, kahit na nakasuot ng mask, hangga't maaari. Pinaalalahanan din ang mga rider na magdala ng kanilang personal na disinfectant, tulad ng hand sanitizer o wipes, kapag nagbibiyaha, hugasan nang madalas ang kanilang mga kamay, at umubo o bumahing sa kanilang siko. Kung may sakit ka, iwasan ang pagsakay sa transit, magpasuri sa pinakamalapit na site na pwedeng sumuri kung may COVID-19 at sundin ang mga tagubilin ng public health.

May patnubay ng Peel Public Health, hinihikayat ng Lungsod ng Brampton ang lahat na magsuot ng hindi medikal na mask, lalo na sa mga lugar kung saan maaaring mahirap ang paglayo mula sa iba. Mahigpit na nakikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib. Bisitahin ang www.brampton.ca/covid19 para sa mga regular na update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update ng serbisyo. Ang mga tanong ay maaaring ipaabot sa Contact Center ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

Mga Quote

“Bilang bahagi ng plano ng muling pagbubukas at pagbangon, maraming mga pagbabago ang darating sa Brampton Transit simula Hulyo 2. Tatakbo ang mga bus sa dinagdagang kapasidad, ang mga hindi medikal na mask o mga pantakip ng mukha ay mandatoryo, at ibabalik na ang pagbabayad sa pamasaha at pagsakay sa harap na pintuan. Ang mga pagbabagong ito ay magpapanatili sa komunidad na malusog at ligtas habang tinitiyak na tayo ay may napakahusay at mapagkakatiwalaang serbisyo ng transportasyon sa Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Nagtitiwala ako na ang mga rider ay magiging magalang sa kanilang mga sarili, sa mga operator ng transit at sa isa't isa sa pamamagitan ng pagsusuot ng mga hindi medikal na mask kung magagawa nila, at pagsasagawa ng mabuting kalinisan, habang dinadagdagan natin ang kapasidad ng nakaupo sa Brampton Transit. Pinanatili nating gumagalaw ang mga rider, at magkasama, mababawasan natin ang panganib ng pagkalat ng COVID-19.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal Wards 1 at 5; Chair, Mga Serbisyo sa Komunidad, Lungsod ng Brampton*

“Sa pamamagitan ng Working Group ng Muling Pagbubukas at Pagbangon, patuloy tayong nagkakaroon ng makahulugang mga talakayan sa komunidad para matiyak ang isang komprehensibo at sinukat na paraan sa muling pagbubukas ng lungsod. Ang pasya na ito ay kasama sa patnubay mula sa Peel Public Health at kasama ang mga pangangailangan ng mga rider na nananatiling isang prayoridad.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal Wards 3 at 4; Pinuno, Working Group ng Muling Pagbubukas at Pagbangon, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton Transit ay nagsisikap nang mabuti para panatilihin malusog at ligtas ang komunidad. Nagagawa nating magpatakbo sa dinagdagang kapasidad dahil ang mga hindi medikal na mask ay

magiging mandatoryo simula sa araw na iyon. Mga rider – mangyaring gawin ang inyong mga parte sa pagpapanatili sa ating serbisyo sa transit na nakakalusog, ligtas, napakahusay at mapagkakatiwalaan.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca